

ANG PAGTUTURO NG TEOLOHIYA SA WIKANG FILIPINO

BOB BONIFACIO
De La Salle University

1. MAKAPANGUSAP NANG MALIWANAG SA NGALAN NG DIYOS

Isa sa mga palaisipang nagmula kay San Pablo kaugnay ng kanyang hangaring maipaunawa nang mabuti sa mga tao ang sukdulang hantungan ng pananampalataya ay nababasa natin sa kanyang sulat sa mga taga-Korinto (1 Kor 14, 4-5a). Ito ang nasusulat doon:¹

Ang nangungusap sa di-maunawaang wika
ay sarili lamang niya ang pinahahanga;
Subali't ang nangungusap nang maliwanag
sa ngalan ng Diyos
ay ang Iglesya ang pinamamangha.
At bagama't nais kong kayong lahat
ay makapangusap sa di-karaniwang wika,
Higit kong naisin ang makapangusap kayo
nang maliwanag sa ngalan ng Diyos.

Ang damdaming ipinamalas na ito ni San Pablo kaugnay ng maliwanagang pangungusap ng Salita ng Diyos sa mga sumasampalataya ay muling umalingawngaw sa daigdig ng mga Kristiyano simula noong ganapin ang ika-2 Konsilyo Batikano. Sa mga dokumentong nangagtilamsikan mula sa palimbagan ng Banal na Siyudad, mababasa sa pagitan ng mga guhit ang ganitong damdamin.²

¹Ang salin na ito ay sa may-akda.

²Sumangguni sa Flannery 1975, higit sa lahat, sa Dogmatic constitution on Divine Revelation, blg. 13.

2. PROBLEMA BANG TALAGA ANG WIKA?

Subalit bakit nga kaya sa Iglesia natin sa Pilipinas ay tila hindi pa umaabot ang tinig ng pagkabahala sa patuloy na umiiral na mga di-maunawaang wika sa paglalahad ng mga aralin tungkol sa Diyos? Bakit at tila napag-iwan ang katutubong wika sa larangan ng Teolohiya, samantalang patuloy ang ating pag-unlad sa wikang banyaga? Ayon sa aming mga naririnig, ang pangyayaring ito ay hindi natin dapat pagtakhan. Ang ideyalismo ay kinakailangang magbigay-daan sa pragmatismo. Ang wikang Filipino ay mura pa; at hindi natin magagawang piliting umusbong ito habang hindi pa napapanahon. Sa madaling salita, mayroon tayong problema ng wika kung kaya't hindi natin magawang gamitin ang Filipino sa paglalahad ng Salita ng Diyos na pinapaksa ng isang disiplinang tulad ng Teolohiya sa simpleng kadahilanang ito ay nangangailangan ng isang uri ng pamigkasan na taglay ang lahat ng katangian ng isang siyentipikong wika. Sa madaling salita, ang Filipino ay hindi pa wika ng mga paham, at naririyang problema.

Sa harap ng ganitong mga paliwanag, kami'y nagugulumihanan at nagtatanong kung ang problema nga ba ng pagtuturo ng Teolohiya sa wikang Filipino ay problema ng wika kung kaya't tayo'y nahihirapan at bantulot nating gamitin ito sa mga pangteolohikong talakayan bilang wikang pamigkasan? Totoo ba't kakailanganin muna nating papagyamanin ang katutubong wika sa mga konsepto't terminolohiyang tekniko-siyentipiko bago pa natin pangahasang ibandila ito sa mga paham sa itinuturing na sagradong santuwaryo ng mga kaalama't karununganang panglangit?

Ito ang sentimyento, at higit pa sa sentimyento, ang paninindigan ng di-iilan nating mga teologo at mga taga-pagturo ng Teolohiya. Sa kanila, ang ating katutubong wika ay mistulang paslit lamang sa arena ng mga wikang subok na sa tunggalian ng mga konsepto't terminolohiya ng mga dalubhasa. Malayo pa itong makaabot sa antas na kung saa'y magagawa nitong makipagbuno sa mga seryosong paksang ugaling himayhimayin ng mga akademistang nangagtatampisaw sa saganang nilang karunungan. Kaya nga't hindi pa napapanahong gamitin ang wikang Filipino bilang wikang pamigkasan sa pagtuturo ng mga siyentipikong disiplina tulad nga ng Teolohiya. Kakailanganin pang linangin ito, bungkalin, suyurin nang puspusan hanggang sa mai-angat sa antas ng mga dinadakilang kanluraning wika. Kakailanganin pa ring magkamayroon muna tayo ng sapat na bilang ng mga aklat at mga babasahing maaaring gamitin sa pagtuturo. Hangga't wala ang mga ito, ipaubaya na lamang natin ang paggamit ng katutubong wika sa mga makata't mananalaysay.

Ang ganitong sentimyento ay palasak sa mga paham, lalo't higit sa mga babad na't nangungulubot ang balat sa malinaw na lawa ng kanluraning pananaw. Sa kanila, ang problema ng pagsasa-Filipino ng wikang pamigkasan sa Teolohiya ay problema ng wika, una at higit sa lahat. Sa kanilang paningin, ang kawalan ng pagkasiyentipikong katangian ng wikang Filipino ang siyang nagsisilbing sagwil sa nararapat na paggamit nito sa pagtuturo. Subalit nais naming maging pasubali sa ganitong uri ng paningin. Kung kaya't kami'y lilihis nang bahagya at tutunghayan ang naturang problema mula naman sa ibang anggulo--mula sa anggulo ng gumagamit, o ng hindi gumagamit, ng wika, na sa pagkakataong ito ay ang teologo.

Ang mga sumusunod ay aming napupuna:

1. Wala tayong anumang uri ng pambansang samahan o ugnayan kaya ng mga teologo na naglalayong manghikayat sa paggamit ng wikang Filipino sa Teolohiya.
2. Wala tayong mabanaag na sigla sa mga maykatungkulan sa Iglesia tungo sa paggamit ng wika sa mga opisyal na pahayag, bagkus ay lagi na lamang silang dumudulog sa wikang banyaga sa mga pagkakataong iyon.

3. Napakababa ng tingin ng mga awtoridad ng Iglesya sa wikang katutubo na kanilang inilalaan sa 'karaniwang mananampalataya' habang ipinatutungkol nila ang wikang banyaga sa mga 'nakapagtapos'.
4. Halos wala tayong makitang insentibong ibinibigay upang sanayin ang paggamit ng wika sa mga dalubhasaan, pamantasan o seminaryo kaya.
5. Mahihina ang loob ng mga nagnanais na gamitin ang wikang Filipino bilang wikang pamigkasan sa Teolohiya sa pangambang sila'y matapilok sa heresiya o di-kaya'y lagumin ng pagngingitngit ng mga 'malalapit sa Diyos'.

Ang mga napupuna naming ito ay tila nagbabadya ng isang kalagayan na kung saa'y nanganganib na manatili ang katutubong wika sa mababang antas na kinaroroonan nito dahil na rin sa nakikita namin rito ang kabinaan ng kaloobang pampulitiko ng mga teologo at ng mga awtoridad ng Iglesya. Sapagkat sino pa ang magmamalasakit na iangat ang wika sa lalong mataas na antas liban sa mga taong ito? At kung bantulot pa man din silang pag-ukulan ito ng pansin, sino pa kaya ang maaasahan natin? Kung kaya't sa halip na kagyat naming idahilan sa wika ang kawalang kakayahan nitong paksain ang mga bagay na tinatalakay sa Teolohiya, nais namin munang tawagin ang pansin ng mga teologo at ng mga nagtuturo ng Teolohiya sa maaaring kanilang nagiging kapabayaan.

3. KALOOBANG PAMPULITIKO NG MGA TEOLOGO ANG KAILANGAN

Ang kaso ng wikang Filipino, wari namin, ay natutulad sa kaso ng karuwahe't kabayo. Inuuna natin ang karuwahe sa kabayo kung idadahilan natin ang kalagayan ng wika sa halip ng kalagayan ng gumagamit, o hindi gumagamit, ng wika. Sapagkat gaano man katinding hagupit ang ilapat natin sa kabayo, ito'y mahihirapang umusad kung ang karuwahe ay nakahambalang sa kanyang daraanan.

Ang tinutukoy naming kaloobang pampulitiko na inaasam-asam naming makita sa teologo ay ang bukas-palad niyang disposisyon, kagustuhan at kapasyahang gamitin ang wika sa bawat pagkakataong dumarating sa kanya. Una nga't higit sa lahat, ang teologong may matatag na kaloobang pampulitiko ay taimtim ang paniwala na ang lahat ng sangkap ng isang wikang buhay ay taglay ng sarili niyang wika at, bunga nito, taglay ang kakayahan bigkasin ang anumang bagay na sumagi sa isipan. Kung ang konsepto'y wala pang katumbas na salita sa wika dahil na sa iyo'y bago o di-kaya'y bagong-tuklas, ito'y madali niyang nabibigyan ng anyo sa dahilang ang wika ay buhay at nakatutugon sa pangangailangan ng maliksing isipan.

Ang teologong may matatag na kaloobang pampulitiko ay hindi naghihintay na umangat muna ang wika mula sa mababang antas na kinaroroonan nito bago pa niya gamitin. Sa malimit niyang paggamit, kanyang iniaangat ito nang unti-unti at iniaakay sa dapat nitong petunguhan. Bagamat iginagalang niya't sinisikap na sundin ang mga prinsipyo't alituntuning sumasaklaw sa paggamit ng wika sa isang dako, at sa pagtuturo naman ng Teolohiya sa kabilang dako, hindi niya alintana ang mga ganitong prinsipyo't alituntuning humahadlang sa malayang pagsulong ng kanyang kaisipan, at ang tanging hangarin niya ay ang linawin nang lubos ang laman ng kanyang isipan sa isang banda, at buong linaw itong ipaliwanag sa kanyang mga tagapakinig sa kabilang banda.

Madaling sabihin ngunit mahirap gawin, anila. Paano nga namang magagawang ipaliwanag sa katutubong wika ang mga bagay na pinapaksa ng isang disiplina na liban sa pagiging talamak sa mga terminolohiyang banyaga ay lublob pa man din sa mga konseptong nangaglalalaro sa pangatlong antas ng abstraksyon na hindi ugaling pasukan ng Asyanong kaisipang sanay sa mga malarawang paglalahad ng mga bagay sa konkretong kaparaanan. Sa madaling salita, gaano man maging bukas-palad ang disposisyon ng teologo, gaanong kasidhi man ang pamigkasan ang Filipino sa Teolohiya, hahantong siya

sa bahagi ng kanyang paglalahad kung kailan siya'y mabubulol kung hindi tuluyang mawawala sa hibla ng paksang kanyang tinatalakay lalo na't kung ang bahaging ito'y loob ng bakuran na ng mga banyagang konsepto't terminolohiya.

Oo nga't kung maliksi ang isip ng teologo at madulas ang kanyang dila ay maaaring magawa niyang ipaliwanag, sa malamang ay masalimuot na kaparaanan, ang mga naturang konsepto, o lumikha pa man din ng mga terminolohiyang katumbas. Subalit makatitiyak ba siyang siya'y makahulugang nakapangungusap sa kanyang mga tagapakinig? Hindi kaya siya manatiling bugtong sa harap ng mga kagibal-gimbal na pagtitig ng kanyang mga magalang at tahimik na tagapakinig?

4. ANO BA TALAGA ANG TEOLOHIYA?

Ang mga pagpunang ito ay may nilalaman at hindi natin maaaring basta na lamang isa-isangtabi. Subalit ang mga ito na rin ang umaakay sa atin ngayon patungo sa susunod na katanungan: kung tayo nga ba'y nagkakaunawaan sa kahulugan ng tinutukoy nating 'Teolohiya'?

Ayon sa palasak na pag-unawa, ang Teolohiya ay siyensyang tumutungkol sa Diyos at may katangiang pangpamalagian at unibersal. Kung ang tinutukoy nating Teolohiya ay ayon sa palasak na pag-unawang ito, hindi malayong payakan kaming sumangayon sa mga bagay na kangina'y pinuna. Subalit hindi ito lamang ang tinutukoy natin, at lalong hindi ang *tuwirang* tinutukoy namin. Ang palasak na pag-unawang ito ay hindi ang tanging wastong pag-unawa at hindi rin ang tanging naayon sa hayagang layunin niyong bigyan ng kaliwanagang pangkaisipan ang kristiyanong pananampalataya.³ At, sa aming palagay, naririto ang problema. Labis-labis ang ibinigay nating pagpapahalaga sa opisyal na Teolohiyang kinagisnan na waring ito nga Ang Teolohiya, at ito nga ang *tanging* Teolohiya na, liban dito, ay wala nang iba pa.

Nais naming pansumandaliang ilahad ngayon ang nakapang-aakit na teoria ni Charles H. Kraft sa kanyang aklat na pinamagatang *Christianity in Culture*.⁴ Alinsunod sa teoriyang ito, wala pa tayong maituturing na Teolohiya sa ngayon, sa lalong makitid na pakahulugan ng isang Teolohiya. Upang ang isang tulad na disiplina ay maituring ngang isang Teolohiya, kinakailangang saklawin nito ang iba't-ibang kaisipan, pananaw at kultura at gamitin ang mga ito sa pagpapayaman ng pag-unawa ng mga sumasampalatayang kristiyano. Ang isang disiplinang ipinangangalandakan ang sarili bilang Teolohiya ay hindi maaaring ariin ang ganitong tag-uri habang wala itong iniinugang kaisipan, pananaw at kultura liban sa iisang itinakdang uri. Liban pa rito, hindi maituturing na Teolohiya ang isang uri ng disiplina na ang tanging saligan, liban sa Salita ng Diyos, ay ang tanging disiplina ng Pilosopiya lamang. Ang disiplinang tumutugon sa taguring Teolohiya ay lalong nalalapit sa hamingang-aralin ng mga konseptong partikular na nagbibigay ng konkretong anyo sa mga konseptong unibersal at hindi monopolyo ng iisang uri ng kaisipan, pananaw at kultura.

5. TEOGRAPIYA, DI TEOLOHIYA

Sa ngayon, ang tanging antas na naabot pa lamang ng mga dalubhasa sa sagradong aralin ay hindi ang antas ng Teolohiya, kundi ang antas ng isang Teograpiya, ayon kay Kraft.⁵ Ang Teograpiya, sa madaling sabi, ay ang sistematikong paglalahad ng kahulugan ng pananampalataya ng isang lahi sa kanyang lahi ayon sa sukdukan at hangganan ng kaisipan, pananaw at kultura nito.

³Basahin ang isinulat ni De Mesa at Lode Wostyn 1982:6-18.

⁴Sumangguni sa Kraft 1979:291-314.

⁵Sumangguni sa Kraft 1979:293.

Kung ihahantong natin ang teoriyang ito ngayon sa lohiko nitong konklusyon, kailangan nating sabihin na ang karaniwan nating tinutukoy na Teolohiya na ating minana sa Iglesia Katoliko Romana ay iisa lamang uri ng pag-unawa sa kristiyanong pananampalataya na naayon pa man din sa kaisipan, pananaw at kabuuang kultura ng kanluraning lahi at, sa partikular, ng liping Latin. Sa kadahilanang ito, ang tanging taglay ng tinag-uriang Teolohiya ay ang kanluraning kaisipan, pananaw at kultura--bagay na malayong ituring na mga sangkap ng isang unibersal na Teolohiya. Samakatuwid, ito'y makatutugon lamang sa taguring Teograpiya--isang Teograpiya ng kanluraning Latin.

Ang teoriyang ito ay naaayos sa nababagong pag-unawa sa doktrina ng Rebelasyon o ng Sariling-Pagbubunyag ng Diyos, at naaayon din sa mga makabagong pag-unawa sa proseso ng komunikasyon kung kaya't nararapat lamang na ito'y bigyan natin ng pansin. At kung, sa teoriyang ito, ang kalagayan ng Teolohiya ngayon ay ganito nga--na wala pa tayong matatag-uriang Teolohiya sa lalong makitid na pakahulugan nito kundi mga Teograpiya lamang sa iba't-ibang antas ng pagkakasistemata, ang Teolohiyang una nating tinukoy ay dapat na ipaloob sa pagitan ng magkabilang panipi: 'Teolohiya', o tuwirang pangalanan na lamang ayon sa kanyang uri bilang isang Teograpiya.

Sa pagbabalik natin ngayon sa una nating katanungan kung ang 'Teolohiya' na nais nating isa-Filipino ay ito ngang kanluraning Teograpiya na siyang larawan ng natatanging pag-unawa ng kanluraning lahi sa Kristiyano nilang pananampalataya ayon sa partikular nilang kaisipan, pananaw at kultura, maraming sanga-sangang katanungan ang bubuhayin nito: una, tayo na mga taga-silangang-lahi ay makapapanuto nga kaya sa kanluraning Teograpiya sa kaparaanang maaaring ika-panuto ng mga sinlahi nito?; pangalawa, matutunan man natin ito, ito ba'y may makahulugang ibubunga sa atin liban sa pagkamit natin ng mga dagdag na impormasyon hinggil sa pananaw ng mga kanluraning Kristiyano?; pangatlo, mayroon na ba tayong sariling Teograpiya na maihahalili sa kanluraning Teograpiyang umiiral? At kung wala pa nga, hindi ba't nararapat lamang na ito ang ating unang pag-ukulan ng pansin--isang Teograpiya sa pananaw ng Pilipino? Isang Teograpiyang Pilipino?; pang-apat, hindi kaya tayo nagsasayang ng panahon, salapi at talino sa patuloy nating pangangalandakan ng kanluraning Teograpiya na hindi lamang hindi natin gaanong mapakinabangan, liban sa nagbibigay ito ng trabaho sa mga teologo, kundi maaari pa man ding nagtatangkang pumangibabaw sa sarili nating kakanyahan at iugat sa ating kalagitnaan ang isang banyagang uri ng kaisipan, pananaw at kultura na siya namang patuloy na tataguyod sa mga institusyon at kayarian sa loob at labas ng Iglesia na siya ngayong pinag-aalinlanganan na kung ano nga ang katuturan ng mga iyon.

Ang katugunan sa mga tanong na ito ay nasa mga teologo na at, ayon sa lakas o kahinaan ng kanilang kaloobang pampulitiko, ito'y magiging kasiya-siya o kalunus-lunos. Subali't marahil ay inuunahan natin ang panahon sa pagtukoy sa isang Teograpiyang Pilipino sapagkat halos wala tayong mabanaag pang anino nito. Bagamat marami na rin tayong mga teorista at mga teoriya kaugnay nito,⁶ halos wala pa tayong makita sa praktikal liban sa pailan-ilan na nananatili namang ginagamit ang banyagang wika bilang pamigkasan.⁷ Samakatuwid, nasa anong kalagayan ang 'Teolohiya' at ang teologo ngayon?

Para sa amin, kinakailangan harapin natin ngayon nang buong katapatan ang kasalukuyang kalagayan ng ating Teolohiya. Alinsunod sa mga pagpapaliwanag natin, ang matagal na rin nating ipinangangalandakang Teolohiya ay isa lamang kanluraning Teograpiya at hindi tumutugon sa mga pangangailangan ng isang Teolohiya sa lalong

⁶Sa hanay ng mga Katoliko ay nariryan sina Catalino Arevalo, Ansgar Chupungco, Jose de Mesa, Carlos Abesamis, Vitaliano Gorospe, Edicio de la Torre, Jimmy Belita atb. pa; sa hanay ng mg Protestante, nariryan si Emerito Nacpil, Rodrigo Tano, atb. pa

⁷Sa aming kaalaman, si Jose de Mesa pa lamang ang isa sa mga nangunguna sa larangang ito.

makitid na pakahulugan nito. Samakatuwid, sa mahabang panahon, ang mga teologo natin ay nangagsilbing mga taga-angkat ng kanluraning Teograpiya na kanilang 'ibinebenta' nang maramihan sa mga kursong pangdalubhasaan, o di kaya'y kanilang itinitingi sa mga 'seminar/workshop'. Ang ibinunga nito ay isang malaking propaganda-ideolohika ng kanluraning Iglesya na siyang ikinahina ng lokal na Iglesya na naghahanap ng lalong makabuluhang paninilbihan sa mga sumasampalataya.

6. ANG KALAGAYAN NATIN—ANG TEOHENESIS

Subali't wala pa rin tayong maitatanghal na lokal na Teograpiya, o isang 'Teolohiyang Pilipino', ayon sa karaniwang bansag dito, kundi tayo'y nagsisimula pa lamang. Tayo'y nasa kalagayan ng isang magiging ina sa panahon ng kanyang paglilihi. Ang supling na sa loob ng sinapupunan ay naringgan na ng unang pintig ng buhay at panahon na lamang ang hinihintay upang ito'y mabuo hanggang sa maging ganap nang sanggol na handa nang tumunghay sa unang salubong ng liwanag. Ito ang kasalukuyang kalagayan ng 'Teolohiya' sa atin ngayon--isang simulain, unang pintig ng buhay, patuloy na hinuhubog at nagkaka-ano: isang TEOHENESIS.⁸

Sa estado ng Teohenesis, hindi ang kaluwalhatian ng Diyos ang ipinangangalan-dakan kundi ang kanyang kababaang-loob; hindi ang tugatog ng isang Maykapal, kundi ang simulain ng isang nagkakatawang-tao. Ito ang prinsipyo ng Inkarnasyon o ng Pagkakatawang-tao ng Diyos. Isinasaalang-alang ng teologo na nasa estado ng Teohenesis ang buong implikasyon sa 'Teolohiya' ng prinsipyong ito. Ang kaisipan, pananaw, kultura at mga pangyayari ay hindi lamang mga bagay na nagsisilbing kasangkapan ng Teolohiya kundi sinapupunan nito na kung saan ay hinuhubog at binibigyan ng buhay ang mapanampalatayang diwa sa makapangyayaring Buhay ng Diwa ng mga diwa.

Ang teologong nasa estado ng Teohenesis ay hindi unang pinagkakaabalahan ang sistematika. Ang mahalaga sa kanya ay ang pag-uugnay ng Mensahe sa kabuuang kalagayan ng kanyang pinatutungkulan. Ang salitang 'heresiya' ay hindi bahagi ng kanyang talasalitaan; hindi niya minamasama ang pagkaka-iba ng mga pakahulugang ibinubunga ng pag-uugnay ng Mensahe sa pantaong kalagayan, bagkus ay hinihikayat ito sapagkat ang ganyang pagkaka-iba ay tanda ng pagiging mabisa ng prosesong nagaganap sa ugnayan ng Mensahe't konkretong kalagayan. Samakatuwid, para sa kanya, ang pagkaka-iba ay wala sa pagkakatulad kundi ang pagkakatulad ay nasa pagkaka-iba.

Para sa teologong nasa estado ng Teohenesis, hindi siya nagdadalawang-isip hinggil sa paggamit ng katutubong wika. Ang wika ay sa diwa tulad ng ang katawan ay sa kaluluwa at kapwa sila hindi maipaghihiwalay. Sa antas ng pagsulong ng diwa ay ayon rin ang pagsulong ng wika; at sa antas ng pag-urong ng diwa ay iyon rin ang pag-urong ng wika. Kung kaya't hindi niya maunawaan kung ano ang nagiging problema ng katutubong wika sa teologo liban na nga lamang kung ang naturang teologo ay mistulang bihag na ng banyagang kultura kung kaya't hirap siya ngayong 'lumingon sa kanyang pinanggalingan', bagay na hindi niya ikahahantong sa kanyang paroroonan.

Kung babalikan natin ngayon ang una nating katanungan kung ang problemang kaugnay ng pagtuturo ng Teolohiya sa wikang Filipino ay problema nga ng wika, ang aming walang pag-aalinlangang katugunan ay hindi ito una't higit sa lahat problema ng wika bagamat hindi ito mawawalan ng problema sa wika, gayo't ang wikang patay lamang ang hindi na nagkakaroon ng problemang ganito. Sa halip, ito'y problema ng gumagamit ng wika na, sa aming palagay, ay nasa kahinaan ng kaloobang pampulitiko sa panig ng teologo at ng mga awtoridad ng Iglesya.

⁸Ang terminolohiyang ito ay unang namutawi sa mga labi ni Jimmy Belita, Puno ng Kagawaran ng mga Araling Pangrelihiyon ng Pamantasan ng De La Salle. Isang katulad na terminolohiya ang ginamit na ni Leonardo Boff sa aklat niyang pinamagatang Ecclesiogenesis.

Ang kaloobang pampulitiko na aming tinutukoy ay ang bukas-palad na disposisyon ng teologo, ang kagustuhan at kapasyahang gamitin ang katutubong wika sa bawat pagkakataon sapagkat naniniwala siyang taglay ng sariling wika ang kakayahang bigkasin ang mga bagay na sumasagi sa isipan. Kung naniniwala kaming may kakayahan ang wikang Filipino na magsilbing wikang-pamigkasan ng Teolohiya, hindi kami nakatitiyak kung kailangang ipagpilitan ito sa pagtuturo ng isang uri ng Teolohiya na sanhi ng partikular nitong pangkulturang kulay ay hindi magagawang makapangusap nang makahulugan sa mga pinatutungkulan. Malamang na mauwi lamang ito sa kaso ng pinaghalong balat sa tinalupan.

Ang totoo nito, ang kinaugalian nating taguriang Teolohiya ay isa lamang Teograpiya ng mga kanluraning mananampalataya sa anyong partikular ng kanluraning kaisipan, pananaw, kultura at kalagayan. Liban sa dagdag at maaaring magagandang impormasyon na ating makakalap dito, mahirap naming makita ang mai-aambag nito sa ikayayabong ng pag-unawa ng Pilipino sapagkat mananatiling banyaga pa rin iyon sa kabuuang kultura ng Pilipinong mananampalataya.

Ang teologong Pilipino ay malayo sa estado ng pagkakaroon ng Teolohiya sa makitid na pakahulugan nito, at wala pa rin siya sa estado ng pagkakaroon ng isang Teograpiya. Subalit siya'y nasa estado ng Teohenesisis na kung saa'y sinisimulan pa lamang niyang ihasik ang mga binhi ng pananampalataya sa mayamang lupa ng sarili niyang kaisipan, pananaw, kultura at kalagayan upang, mula doon, sumibol at yumabong ang isang pag-unawa sa kristiyanong pananampalataya na magagawang makapangusap sa kanya at sa kapwa kalahi sapagkat ito'y tubo sa kanila at laki sa loob ng kanilang bakuran.

Sa estadong ito ng Teohenesisis, ang teologo ay hindi dapat na magdalawang-isip sa kung gagamitin niya o hindi ang katutubong wika sa pagtuturo. Hindi niya kailangang hintayin pa muna ang mga teorista sa linggwistika o sa sistematika bago pa simulang gawin ito. Sa kanyang paggamit ng wika ay kanya itong isinusulong. Ang gawang paglilinang sa wikang Filipino ay nagsisimula sa paggamit ng diwang Filipino, at ang dalawang ito ay hindi mapaghihiwalay. Kinakailangang pakahalagahan niya ang prinsipyo ng Pagkakatawang-tao at ariing sarili ang paninindigan ng ebanghelistang si Juan:

Sa simula ay ang Wika
 at ang Wika ay isina-Filipino
 at ito'y namahay sa atin
 Kung kaya't natunghayan natin
 ang kadakilaan ng Diyos
 sa kanyang kabaitan at katapatan.

MGA SANGGUNIANG-AKLAT

- FLANNERY, AUSTIN, OP., ed. 1975. Vatican Council II: The conciliar and post-conciliar documents. Northport, New York: Costello Publishing Co.
- DE MESA, JOSE. 1979. And God said, Bahala na. The theme of Providence in the lowland Filipino culture. Quezon City: Maryhill School of Theology.
- _____ and LOSE WOSTYN. 1982. Doing theology, Basic realities and processes. Quezon City: Maryhill School of Theology.
- KRAFT, CHARLES H. 1979. Christianity in culture, A study in dynamic biblical theologizing in cross-cultural perspective. New York: Orbis Books, Maryknoll.
- TANO, RODRIGO D. 1981. Theology in the Philippine setting, A case study in the contextualization of theology. Quezon City: New Day Publishers.